



Update sa cup By-law #1 -

Hindi kasama sa fee ng cup ang mga libreng inumin

Mga Pag-amyenda sa Single-Use Cup By-law – may bisa sa Marso 2, 2022

Mula Marso 29, 2022, makakapagbigay ang mga negosyo ng sumusunod na mga libreng inumin sa single-use cup nang hindi sumisingil ng fee sa cup:

- Ang mga inuming binibigay nang libre sa kostumer (hal. libreng tubig, komplementaryong kape, atbp.)
- Mga inuming nilaan bilang kapalit ng “drink voucher” (tinutukoy ng voucher na para ito sa libreng inumin, o libreng inumin + libreng pagkain)
- Mga inuming nilaan bilang kapalit ng points o rewards na kinita gamit ang loyalty o rewards program ng may hawak ng lisensiya.

TALA: Ang mga inuming binili gamit ang perang voucher, gift card o drink subscription service ay hindi exempt mula sa fee sa cup. Hindi rin kasama sa eksemsiyon na ito ang mga inuming in-order na kasama ng mga meal combo o mga buy-one-get-one offer.

Mga Madalas Itanong

Ano ang pagkakaiba ng drink voucher at monetary voucher?

Ang “monetary voucher” ay isang (naka-print o digital) card o voucher na may perang halaga, kasama dito ang gift card. Sa karaniwan, maaaring gumamit ang mga kostumer ng perang voucher patungo sa halaga ng anumang item sa menu.

Ang “drink voucher” ay isang (naka-print o digital) card o voucher na partikular para sa libreng inumin (o libreng inumin at libreng pagkain) at hindi magagamit para sa ibang, hindi nakatukoy na mga item sa menu.

Maaari bang umiwas ang mga nagtitinda ng pagkain sa pag singil ng fee sa cup sa pamamagitan ng pag benta ng mga points at mga reward sa paraan ng mga loyalty na programa? (halimbawa: magbabayad ang kostumer ng \$5 para sa 100 loyalty points at pinagpapalit ang points na iyon para sa “libreng inumin”)

Hindi, ang exemption na ito sa fee sa cup ay hindi isinasasama ang points o rewards na binili ng kostumer. Ang points at rewards ay balido kung kinita ito sa mga nakaraang pagbili, nilaan bilang kapalit ng mga aktibidad sa pakikipag-ugnay (hal. mga survey sa kostumer), binigay bilang welcome o sign-up bonus, atbp.

Maiiwasan ba ng mga nagtitinda ng pagkaing singilin ang mga kostumer ng fee sa cup sa pagtitinda ng mga drink voucher? (halimbawa: nagtinda ang negosyo ng drink voucher sa kostumer na agad pinagpalit nito sa “libreng inumin”)

Hindi, hindi kasama sa eksemsiyon na ito sa fee sa cup ang mga drink voucher na binili sa loob ng 3 oras mula sa pag-order ng inumin.

Mag-download ng toolkit sa single-use item sa vancouver.ca/reduce-single-use